Pagrehistro sa Paaralan

Sino ang dapat magrehistro sa District Reception and Placement Centre (DRPC)?

- Lahat ngmag-aaral na hindi ipinanganak sa Canada
- Mga mag-aaral mula Grade 1 hanggang Grade 12 na ipinanganak sa Canada na hindi Ingles ang unang wika.

Sino ang dapat dumiretso sa “neighbourhood school” para magrehistro?

- Lahat ng mag-aaral mula Grade 1 hanggang Grade 12 na ipinanganak sa Canada at English ang kanilang unang wika.
- Lahat ng mag-aaral sa Kindergarten na ipinanganak sa Canada maging ano pa man ang kanilang unang wika.

Kailan ko puwedeng irehistro ang anak ko sa paaralan?

- “Priority registration” para sa taong 2012-2013 ay mula Nobyembre 1, 2011 hanggang Enero 31, 2012 simula Kindergarten hanggang grade 12.
- Ang mga “catchment school” ay tatanggap pa rin nang registration hanggang Setyembre, 2012.

Cross Boundary Applications (Paglipat sa ibang Paaralan)

Ang mga paaralan sa Vancouver ay tatanggap ng “cross-boundary applications” mula Pebrero 15 hanggang Marso 1, 2012. Pagdating ng Marso 30, 2012 ay malalaman na ng mga pamilya na nag-apply ng “cross-boundary” ang status ng kanilang anak.

Ang “cross boundary application form” ay mahihingi sa neighbourhood school nang inyong anak. Dapat ilagay sa form na iyon ang paaralan kung saan niyo gustong ilipat ang inyong anak.

Binibigyan ng karapatang mauna ang mga aplikante ayon sa mga sumusunod na criteria:

1. Naka-enrol na ang mag-aaral bilang residente sa pangkasalukuyang school year o natanggap na bilang cross-boundary applicant noong nakaraang taon;
2. Mayroong kapatid na kasalukuyang nag-aaral sa paaralang inaaplayan;
3. Ang “childcare program” ng mag-aaral ay nasa boundary ng paaralan
4. Nakatira ang mag-aaral sa Vancouver
5. Nakatira ang mag-aaral sa labas ng Vancouver

Bawa't application ay tinatatakan ng oras at araw nang pagtanggap ng paaralan.

Ang pamilya ay maaring tumaggap ng isang cross boundary offer lamang. Kapag tinanggap na ang cross boundary offer, hindi na maaaring mag-apply pa sa ibang paaralan.

Maaari pa ring mab-submit ng “cross boundary application” pagkatapos ng Marso 1, nguni't hindi na obligado ang paaralan na ipaalam sa magulang ang status ng kanilang application. Ang mga application pagkatapos ng Marso 1, 2012 ay pipiliin batay sa first-come basis,bakanteng espasyo, programa at “available staff” o tauhan ng paaralan..